| MATATAG K to 10 Curriculum – Weekly Lesson Log | School: | | Grade Level: | V |
|---|---|---|---|---|
| | Teacher: | | Learning Area: | FILIPINO |
| | Teaching Dates and Time: | | Quarter: | 1st QUARTER Week 3 |

| | MONDAY | TUESDAY | WEDNESDAY | THURSDAY | FRIDAY |
|---|---|---|---|---|---|
| **I. ILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | | | | | |
| | | | | | |
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ng mag-aaral ang kahusayan sa pagpapalawak ng bokabularyo (denotasyon, konotasyon, tono, at damdamin) na ginagamit sa pormal at di pormal na mga sitwasyon, lumalagong kaalaman sa mga estrukturang gramatikal, kritikal at lapat na pag-unawa sa tekstong naratibo (tulang pambata, kuwentong katatakutan, maikling kuwento at dulang pambata) at tekstong impormatibo (balita), at umuunlad na kasanayang produktibo sa pagbuo ng tekstong tumatalakay sa mga paksaing pangkomunidad at pambansa na may kaangkupang kultural (pasalita, pasulat, at biswal) na batay sa layunin, konteksto, at target na madla. | | | | |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Nagagamit ng mag-aaral ang pagkakaroon ng kahusayan sa wastong gramatika, kaangkupan ng salita/retorika, estilo, at estruktura sa paggawa ng tuwirang balita tungkol sa napapanahong isyu sa komunidad o bansa. | | | | |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | ***Mga Kasanayan***<br>**1. Nauunawaan ang tekstong naratibo (kuwentong kababalaghan).**<br><br>*a. Nakikilala ang realidad at pantasya*<br>*b. Nakapagbibigay ng angkop na pamagat sa teksto*<br>**2. *Nagagamit ang mga salitang may denotasyon at konotasyong kahulugan sa pagbuo ng pangungusap.***<br><br>*a. pormal na depinisyon*<br>**3. *Nagagamit ang angkop na diksiyon (kaangkupan ng salita/retorika at estilo) sa pagpapahayag ayon sa layon (magsalaysay at maglahad).***<br>**4. Nagagamit ang mga bahagi ng panalita sa pagpapahayag**<br><br>*a. Pang-abay –panang-ayon*<br>**5. Natutukoy ang mga elemento ng multimedia**<br>**6. graphics (illustrations)** | | | | |
| **D. Nilalaman** | Ikatlong Linggo<br>Tekstong Naratibo | | | | |

| | |
|---|---|
| | Kuwentong Kababalaghan<br>KAUGNAY NA PAKSA:<br>Wika: Pang-abay na Panalungat<br>TEKSTONG BISWAL:<br>Elemento ng *multimedia:*<br>*graphics (illustrations)* |
| **E. Integrasyon** | Pagpapahalagang Kultural (Mga Paniniwala) |

**II. BATAYANG SANGGUNIAN**


- Business Insider. (2018, August). *Optical illusion quiz.* Business Insider. Retrieved from https://www.businessinsider.com/optical-illusion-quiz-2018-8
- Elcomblus. (n.d.). *Ang tekstong naratibo: Kahulugan, katangian, elemento, at halimbawa.* Elcomblus. Retrieved from https://www.elcomblus.com/ang-tekstong-naratibo-kahulugan-katangian-elemento-at-halimbawa/
- Filipinoito. (n.d.). *Pang-abay.* Filipinoito. Retrieved from https://filipinoito.wordpress.com/pang-abay/
- Freepik. (n.d.). *Baby clip art.* Freepik. Retrieved from https://www.freepik.com/free-photos-vectors/baby-clip-art
- Jacobs Fountain. (2015, March). *Article-22_Conjugal-Spending1 [Photograph of conjugal spending].* Retrieved from https://i0.wp.com/www.jacobsfountain.com/wp-content/uploads/2015/03/Article-22_Conjugal-Spending1.jpg
- Jedi_Edward. (2013). *[Photograph].* Flickr. Retrieved from https://www.flickr.com/photos/jedi_edward/10530757995
- Noypi. (n.d.). *Pang-abay na Panang-ayon.* Noypi. Retrieved from https://noypi.com.ph/pang-abay-na-panang-ayon/
- Optical Illusions Portal. (n.d.). *26 interesting hidden illusions.* Optical Illusions Portal. Retrieved from https://www.opticalillusionsportal.com/26-interesting-hidden-illusion/
- PinterestUser. (n.d.). *Garden.* Pinterest. Retrieved from https://in.pinterest.com/pin/garden--203084264416288877/


**III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO**

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| A. Pagkuha ng Dating Kaalaman<br>**I. Maikling Balik-aral** | **TEKSTO-BASA:**<br>Basahin ang tekstong *Ang Magkaibigang Judy at Eliza* ni Andilaine R. Tajanlangit.<br><br>**Ang Magkaibigang Judy at Eliza**<br>ni: Andilaine R. Tajanlangit<br><br>Matalik na magkaibigan sina Judy at Eliza. | Balikan at basahing muli ang tekstong *Ang Magkaibigang Judy at Eliza.* Itala ang mga pang-uring pahambing na ginamit dito.<br><br>**Pang-uri (Pahambing)** | **Panuto:** Basahin ang bawat pangungusap. Isulat ang **TAMA** kung ang pahayag ay totoo tungkol sa tekstong naratibo at **MALI** kung hindi.<br>1. Layunin ng tekstong naratibo na magpaliwanag ng mga datos at impormasyon.<br>2. Ang tekstong naratibo ay karaniwang may simula, gitna, at wakas. | **Panuto:** Isulat ang **TAMA** kung wasto ang pahayag at **MALI** kung hindi.<br>1. Ang multimedia ay binubuo lamang ng text at graphics.<br>2. Ang animation at video ay parehong bahagi ng multimedia.<br>3. Isa sa mga layunin ng multimedia presentation ay makapaghatid ng | Magtala ng 5 pangungusap na ginagamitan ng pang-abay na panang-ayon. |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | Magkasing-edad sila sa gulang na labing-isa. Kapwa sila mag-aaral sa ikalimang baitang. Mas matangkad at mas payat si Judy kaysa kay Eliza. Di-hamak na masinop naman si Eliza kaysa kay Judy. Di-gaanong ngumingiti si Judy sa mga kaklase niya, kaya palagi siyang pinapayuhan ni Eliza na maging palakaibigan. Sa kabila ng kaibahan ng kanilang ugali, ay nanatiling matatag ang pagkakaibigan ng dalawa. Lagi silang handang dumamay sa isa't isa sa anumang problemang dumarating. Magkasingtapang nilang hinahaharap ang anomang situwasyon. Naniniwala silang dalawa na mas masaya ang buhay kung may kaibigang tunay. Kaya't patuloy ang pananalig nila sa Poong Maykapal, na Siyang pinakamakapangyarihan sa lahat. | | 3. Kuwentong kababalaghan ay isang halimbawa ng tekstong naratibo.<br>4. Ang tekstong naratibo ay hindi nagbibigay ng aral o pagpapahalaga.<br>5. Maikling kuwento, alamat, at epiko ay pawang halimbawa ng naratibo. | impormasyon gamit ang iba't ibang media.<br>4. Ang multimedia presentation ay hindi maaaring may kasamang tunog.<br>5. Ang multimedia ay ginagamit sa paggawa ng mga presentasyon, edukasyon, at libangan. | |
| **B. Paglalahad ng Layunin** | | | | | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **1. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin** | 1. Sino ang matalik na magkaibigan?<br>2. Anong mga katangian ang taglay ng magkaibigan?<br>3. Mayroon ka rin bang kaibigan? Paano mo siya pinapayuhan?<br>4. Bakit mahalagang magkasundo ang magkakaibigan?<br>5. Sa paanong paraan mo hinaharap ang mga pagsubok na iyong nararanasan? | Gamit ang sumusunod na larawan, bumuo ng isang kuwentong nagsasalaysay o naglalahad.<br><br>Mga larawan mula sa:<br>https://www.freepik.com/free-photos-vectors/baby-clip-art<br>https://i0.wp.com/www.jacobsfountain.com/wp-content/uploads/2015/03/Article-22_Conjugal-Spending1.jpg<br>https://www.pinterest.ph/pin/794463190531223125/ | **Panuto:** Tukuyin kung anong uri ng akdang naratibo ang inilalarawan sa bawat bilang. Piliin ang sagot mula sa kahon. **[kuwentong kababalaghan, alamat, epiko, parabula, mitolohiya]**<br>1. Kuwento tungkol sa kababalaghan o mga hindi maipaliwanag na karanasan.<br>2. Kuwento tungkol sa mga diyos, diyosa, at pinagmulan ng mundo.<br>3. Kuwento ng kabayanihan na kadalasang nasa anyong patula.<br>4. Kuwento na may aral at karaniwang hango sa Bibliya.<br>5. Kuwento tungkol sa pinagmulan ng isang bagay o lugar. | **Panuto:** Piliin sa kahon ang tamang elemento ng multimedia na inilalarawan sa bawat bilang. Isulat ang sagot sa patlang.<br>**[Text, Graphics, Larawan, Tunog, Animation, Video, Interactivities]**<br>1. Ginagamit upang magsalaysay o magpaliwanag gamit ang mga salita o letra.<br>2. Isang gumagalaw na imahe o visual effect na nagpapakita ng kilos.<br>3. Mga tunog gaya ng musika, pagsasalita, o sound effects.<br>4. Guhit o disenyo na nagpapaganda sa presentasyon.<br>5. Isang bidyo na nagpapakita ng aktwal na pangyayari.<br>6. Isang aktwal na larawan na kuha gamit ang kamera.<br>7. Bahaging nagbibigay-daan para makipag-ugnayan ang gumagamit, gaya ng pagpindot ng button o pagpili ng opsyon. | **Panuto:** Sagutin ang mga tanong base sa iyong kaalaman tungkol sa multimedia presentation.<br>1. Ano ang ibig sabihin ng "multimedia"?<br>2. Bakit mahalagang gamitin ang iba't ibang media (tulad ng text, larawan, video) sa isang presentasyon?<br>3. Magbigay ng dalawang halimbawa kung saan ginagamit ang multimedia presentation.<br>4. Ano ang kaibahan ng graphics at larawan?<br>5. Paano nakatutulong ang interactivities sa isang multimedia presentation? |
| **2. Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin** | Punan ng wastong letra upang mabuo ang kahulugan ng salitang initiman at may salungguhit. Gamitin ito sa makabuluhang pangungusap.<br>1. Sa isang **liblib** na nayon napadpad ang pamilya Ortiz. | | | | |

( ) ( ) (G) ( )

2. Nagdasal nang **taimtim** ang mag-asawa**.**

(T) ( ) ( ) ( )

3. Isang taong may malalaking pakpak, mahahaba ang mga kuko, may matutulis na pangil, at pulang-pula ang dalawang mata ang siyang **lumilikha** ng ingay tuwing gabi.

( ) (U) ( ) ( ) (G) ( ) (W) ( )

4. Labis na takot ang **namayani** sa dibdib ng mag-asawang Karyo at Selya.

(N) ( ) ( ) (G) ( ) ( ) (A) ( ) ( ) (W)

5. Matapos magpasalamat kay Aling Mameng ay nagmamadali silang umuwi at naghanda para sa **pagsalakay** muli nang nasabing nilalang.

(P) ( ) ( ) (L) ( ) ( ) ( ) (B)

## C. Paglinang at Pagpapalalim

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **Kaugnay na Paksa 1:**<br>☐ **Pagproseso ng Pag-unawa** | **Akdang Naratibo (Kuwentong Kababalaghan Tekstong naratibo**<br>- pagsasalaysay o pagkukuwento ng mga pangyayari sa isang tao o mga tauhan, nangyari sa isang lugar at panahon o sa isang tagpuan, nang may maayos na pagkakasunod-sunod mula simula hanggang katapusan. Pangunahing | Batay sa mga ibinahaging kuwento, ilahad ang pagkakaiba ng pagsasalaysay at paglalahad. | **Ano ang *Multimedia*?**<br>***Multimedia***<br>- ay simpleng maramihang anyo ng *media* na pinagsama-sama.<br>**Ano ang mga elemento ng multimedia presentation?**<br>1. *text*<br>2. *graphics*<br>3. larawan<br>4. tunog<br>*5. animation*<br>*6. video*<br>*7. interactivities* | **Pang-abay na Panang-ayon**<br><br>**Pang-abay**<br>- bahagi ng pananalitang nagbibigay-turing sa pandiwa, pang-uri o kapwa pang-abay.<br>- ang pang-abay at pang-uri ay kapwa mga salitang naglalarawan.<br>- ang pang-uri ay naglalarawan ng mga pangngalan at panghalip | Isulat sa patlang ang letra sa Hanay B na may katumbas na konotasyong kahulugan ng mga salita na nasa Hanay A.<br><br>**HANAY A** / **HANAY B**<br>___1. Kalapati — A. mang-aagaw, taksil<br>___2. Pusang itim — B. pag-asa<br>___3. Ahas — C. kapayapaan<br>___4. Buwaya — D. kamalasan<br>___5. Bahaghari — E. katiwalian |

| | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | layunin ng ganitong uri ng teksto ang makapagsalaysay ng mga pangyayaring nakapagbibigay aliw o nakapagpapanatili ng interes. Gayundin naman, ang naratibo ay nakapagtuturo ng kabutihang-asal, mahahalagang aral, at mga pagpapahalagang pangkatauhan tulad ng kahalagahan ng pagiging mabuti at tapat, na ang kasamaan ay hindi nagtatagumpay laban sa kabutihan, ang kasipagan at pagtitiyaga ay nagdudulot ng tagumpay, at iba pa.<br>Ang mga mambabasa ay direktang isinasama ng manunulat sa isang tekstong naratibo at nagiging saksi sa mga pangyayaring kaniyang isinasalaysay. May iba't ibang uri ng naratibo tulad ng maikling kuwento, nobela, kuwentong-bayan, mitolohiya, alamat, tulang pasalaysay tulad ng epiko, dula, mga kuwento ng | | Ang *multimedia presentation* ay isang *stand alone* na presentasyon na kinabibilangan ng impormasyong ipinakita sa mga *slide, video*, o *digital* na representasyon at may kasamang tunog na maaaring isang salaysay, musika o *sound effect.* | samantalang ang pang-abay ay naglalarawan hindi lamang ng mga pandiwa gayundin sa mga pang-uri at kapwa nito pang-abay.<br><br>**Mga Uri ng Pang-abay:**<br>**Pamanahon**<br>- ang pang-abay kapag nagsasaad ng panahong ikinaganap ng bagay o gawaing sinasabi ng pandiwa.<br>Halimbawa: **Tuwing gabi** ay nagbabasa kami ng asawa ko ng Bibliya.<br>**Panlunan**<br>- ang pang-abay kapag nagsasaad ng lunan o pook na pinangyarihan ng kilos.<br>Halimbawa: Itinuturo **sa paaralan** ang kagandahang-asal<br>**Pamaraan**<br>- ang pang-abay kapag nagsasaad ng paraan ng pagkakaganap ng kilos.<br>Halimbawa: **Malinaw** magsalita ang aming guro.<br>**Panulad**<br>- ang pang-abay na nagsasaad ng paghahambing. | |


| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | kababalaghan, anekdota, parabula, science fiction, at iba pa. Iba't ibang uri ito subalit may iisang pagkakapareho: ang bawat isa'y nagkukuwento. | | | Halimbawa: **Lalong** nauunawaan ang mga aralin kung pag-aaralan ito.<br>**Panggaano**<br>- ang pang-abay na nagsasaad ng dami, sukat o timbang.<br>Halimbawa: **Hustong** sumunod tayo sa mga panuntunan ng paaralan.<br>**Pang-agam**<br>- ang pang-abay kapag nagsasaad ng pag-aalinlangan o di-katiyakan. Tinatawag din itong pang-abay panubali.<br>Halimbawa: **Siguro'y** magbabago na siya.<br>**Panang-ayon**<br>- ay pang-abay na nagsasaad ng pagpayag o pagsang-ayon.<br>Halimbawa: **Totoong** mahirap mag-aral.<br>**Pananggi**<br>- ay pang-abay na nagsasaad ng pagtanggi, di-pagtanggap o pagbabawal.<br>Halimbawa: **Hindi** bumabagsak ang batang masipag.<br>**Panunuran**<br>- ay pang-abay na nagsasaad ng pagkakasunod-sunod | |

| | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | | | | | Halimbawa:<br>**Kahuli-hulihang** tinawag ng guro ang batang walang takda.<br>**Pamitagan**<br>- ay pang-abay na nagpapahayag ng paggalang.<br>Halimbawa: **Opo**, tapos na po ang gawain ko.<br>**Panuring**<br>- ay pang-abay na nagpapahayag ng pagtanaw ng utang na loob.<br><br>Halimbawa: **Maraming salamat** at tinulungan mo ako.<br>**Ang pang-abay na panang-ayon** ay isang uri ng pang-abay na nagsasaad ng pagsang-ayon sa salitang kilos (pandiwa), pang-uri, o sa kapwa pang-abay sa pangungusap. Ginagamit ito upang sumang-ayon o tanggapin ang sinasabi ng kausap.<br>Ito ay ginagamitan ng mga panandang oo, opo, tunay, sadya, talaga, siyempre, sige, tiyak, walang duda, at sigurado.<br>Narito ang mga halimbawa ng **pang-abay na** | |

| | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | | | | | **panang-ayon** sa pangungusap.<br>1. **Siguradong** galit na naman si nanay dahil ginabi ako sa pag-uwi.<br>2. Sa paghina ng ekonomiya ay **tiyak** na maraming mawawalan ng trabaho.<br>3. **Tunay** na mahusay umawit si Celia.<br>4. **Oo**, magaling na doktor ang kaibigan ko.<br>5. **Talagang** mapaparami ka ng kain kapag sinigang ang ulam.<br><br>**B. Denotasyon at Konotasyon**<br>**Denotasyon**<br>- tumutukoy sa pormal at literal na kahulugan ng isang salita.<br>- ito ang pangunahing kahulugan na matatagpuan sa diksyunaryo.<br>- ito ay ang paglalarawan o pagsasaad ng isang bagay nang direkta at walang ibang kahulugan o implikasyon.<br>- ito ay masistemang pagtukoy ng isang salita sa kanyang orihinal na kahulugan. | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | | | Halimbawa:<br>ang salitang "rosas" ay tumutukoy sa isang uri ng halaman na may mga bulaklak na kulay pula o iba pang kulay.<br>**Konotasyon**<br>- tumutukoy sa mga dagdag na kahulugan o implikasyon ng isang salita.<br>- ito ay ang mga emosyonal, sosyal, o kultural na konsepto na nauugnay sa isang salita.<br>- ito ay nagbibigay ng iba't ibang pag-unawa at interpretasyon batay sa konteksto ng paggamit nito.<br>Halimbawa:<br>ang salitang "rosas" ay maaaring magdulot ng konotasyon ng pag-ibig, romantikong relasyon, o pagmamahal.<br>Halimbawa ng Denotasyon at Konotasyon<br>Narito ang ilang halimbawa upang mas maunawaan ang pagkakaiba ng denotasyon at konotasyon:<br>**Salitang "Araw"**<br>Denotasyon: Isang bituing pinalilibutan ng mga planeta | |




| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | | | na nagbibigay ilaw sa mundo.<br>Konotasyon: liwanag, o positibong pag-asa.<br>**Salitang "Sisiw"**<br>Denotasyon: Isang uri ng manok na nasa unang yugto ng buhay.<br>Konotasyon: pagiging mahina, madali, at kabataan.<br>**Salitang "Tahanan"**<br>Denotasyon: Isang lugar kung saan nakatira ang isang tao o pamilya.<br>Konotasyon: punong-puno ng pagmamahal, kaligtasan, at pagkakaisa. | |
| ☐ **Pinatnubayang Pagsasanay** | Basahin ang isang halimbawa ng kuwentong kababalaghang pinamagatang Ingay sa Bubong ni Andilaine R. Tajanlangit, pagkatapos ay sagutin ang mga tanong na kaugnay sa kuwento.<br><br>**Ingay sa Bubong**<br>ni: Andilaine R. Tajanlangit | Basahin ang isang kuwentong kababalaghan ni Andilaine R. Tajanlangit. Bigyan ito ng angkop na pamagat.<br><br>______________________<br>______________________<br>____________________<br><br>Noong unang panahon, sa Baryo Maligalig, ay may isang babaeng dayo na lubhang kinatatakutan ng mamamayan doon. Mula kasi nang dumating ang nasabing babae ay sunod-sunod nang nawawala ang mga bata | Pagmasdang Mabuti ang mga larawan at isulat sa kwaderno kung ano ang nakikita sa bawat larawan.<br><br>1. <br>2.  | Pagbasa ng isang tulang pinamagatang Pilipino Ako ni Dr. Andilaine R. Tajanlangit.<br><br>**Pilipino Ako**<br>ni: Andilaine R. Tajanlangit<br><br>Pagiging Pilipino'y nararapat lamang ipagmalaki,<br>Tunay na may malasakit at hindi makasarili;<br>Handang tumulong sa kapwa anomang sandali,<br>Talagang dumaramay at kumakandili. | **Panuto:** Basahin ang maikling bahagi ng kuwentong kababalaghan at sagutin ang mga tanong.<br>**Teksto:**<br>"Habang naglalakad si Ana sa lumang eskinita, may narinig siyang bulong mula sa likuran. Paglingon niya, wala namang tao. Sa bawat hakbang niya, tila may sumusunod. Hanggang sa bigla siyang napalingon at nakita ang isang |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | Sa isang liblib na nayon, napadpad ang pamilya Ortiz. Galing sila sa malayong lalawigan at naisipang lumipat ng ibang lugar. Apat ang anak ng mag-asawang Karyo at Selya, sina Domeng, Ben, Katya, at Susie. Walong buwang buntis si Selya sa panlimang anak nila ni karyo. Isang gabi habang mahimbing na natutulog ang mag-anak, naalimpungatan si Selya nang may marinig siya sa bandang bubungan nila na parang mga pakpak na pumapagaspas. Dali-dali niyang ginising si Karyo. “Karyo, Karyo, gumising ka dali, parang may kung ano sa ibabaw ng bubong natin.” Gising ni Selya kay Karyo. Pupungas-pungas pang bumangon si Karyo at pinakinggan | sa kanilang lugar. Siya si Melba. Mahaba ang kaniyang buhok na halos sumayad na sa lupa. Lagi siyang nakasuot ng itim na damit at mahabang palda na umaabot hanggang sakong. Lagi itong nakayuko kapag nakakasalubong ng sinoman sa daan.<br>Isang hapon, habang naghihintay si Aling Nena sa paglabas sa paaralan ng kanyang anak na si Nonoy ay may narinig siyang komosyon sa hindi kalayuan. “Ang anak ko! Ibalik mo ang anak ko!” Ang palahaw ni Aling Berta. Nagmamadaling lumapit si Aling Nena upang malaman kung ano ang nangyari sa anak ng kanyang kumareng Berta. “Anong nangyari Mareng Berta? Anong nangyari sa inaanak kong si Betty?” Agad na tanong ni Aling Nena. “Kitang-kita ko si Melba, kinaladkad niya at isinakay sa putting sasakyan si Betty ko. Hinabol ko sila pero hindi ko na sila naabutan. Ang anak ko, ang | 3. <br>4. <br>5.  | Maraming pagkakataong ating nasaksihan,<br>Sa mga unos at trahedyang ating naranasan;<br>Sa pandemya, kalamidad o bagyong dumaan,<br>Tiyak ang pagtulong sa mga nangangailangan.<br><br>Sadyang bahagi na ng ating kultura,<br>Ang pagdadamayan sa bawat isa;<br>Walang dudang sasaklolo kapag nagkaaberya,<br>Kahit nga kung minsa’y sila itong kinakapos na.<br>Ganyan ang mga Pilipino, hindi mapag-imbot,<br>Sa tahana’y nag-uumapaw ang pagmamahalang lubos;<br>Kaya naman kitang-kita sa bawat salita at kilos,<br>At ang sentro ng ating buhay ay ang Panginoong Diyos. | aninong mabilis na naglaho."<br>**Mga Tanong:**<br>1. Ano ang uri ng tekstong binasa?<br>2. Anong damdamin ang nais iparamdam ng kuwento sa mambabasa?<br>3. Paano ipinakita ang kababalaghan sa teksto?<br>4. Anong bahagi ng naratibo ang inilalarawan ng teksto – simula, gitna, o wakas? Ipaliwanag.<br>5. Sa iyong palagay, dapat bang paniwalaan agad ang mga kuwentong kababalaghan? Bakit? |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | ang ingay. Takot na takot ang mag-asawa at hindi na muna ginising ang mga anak na mahimbing ang pagkakatulog. Nagsindi ng kandila si Selya sa altar at nagdasal silang mag-asawa nang taimtim at napagdesisyunang huwag lumabas ng bahay. Unti-unti namang humina ang ingay hanggang sa tumahimik nang muli ang paligid. Hindi na nakatulog muli ang mag-asawa hanggang mag-umaga. Kinabukasan ay nagtanong sa mga kapitbahay ang mag-asawa kung mayroon din ba silang narinig na ingay kagabi. “Naku, bago kasi kayo rito sa lugar namin, kaya hindi ninyo alam ang usap-usapan dito.” Sagot nang napagtanungan nilang si Aling Mameng. “Ano po | kaawa-awang anak ko!” Ang humahagulgol na sagot ni Aling Berta. Walang masabi si Aling Nena para maibsan ang sakit na nararamdaman ng kanyang kumare sa mga sandaling iyon. Tanging mahigit na yakap lamang sa kanyang kumare ang kanyang nagawa.<br>Mula noon ay hindi na nagpakita sa kanilang lugar si Melba. Lumipas ang dalawang araw at may balitang natanggap ang mamamayan ng Baryo Maligalig na may mga bangkay na natagpuan sa may tabi ng ilog. Nagpunta ang magkumareng Berta at Nena sa sinasabing lugar. “Betty ko, anak ko!” Agad na pumalahaw ng iyak si Aling Berta nang makilala niyang anak niya ang isa sa mga bangkay na naroon. Lubhang kalunos-lunos ang sinapit ng mga biktima. Lahat sila ay wakwak ang tiyan at wala ng mga lamang-loob. Halos masiraan ng bait si Aling Berta sa nangyari sa | | | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | bang mayroon dito sa lugar ninyo, natatakot po ako't sa isang buwan ay kabuwanan ko na." nahihintakutang turan ni Selya. "Ayon sa ilang mga nakakita, isang taong may malalaking pakpak, mahahaba ang mga kuko, may matutulis na pangil, at pulang-pula ang dalawang mata ang siyang lumilikha ng ingay tuwing gabi, at ang pinupuntirya ay ang mga bago dito sa lugar lalo't higit ang mga buntis." Kwento ni Aling Mameng. Labis na takot ang namayani sa dibdib ng mag-asawang Karyo at Selya. Matapos magpasalamat kay Aling Mameng ay nagmamadali silang umuwi at naghanda para sa pagsalakay muli nang nasabing nilalang. | kaniyang anak na si Betty. Nakalulunos pakinggan ang mga palahaw ng pagdadalamhati ng magulang ng mga batang biktima. Nakipag-ugnayan ang lokal na pamahalaan sa kapulisan at sa *media* upang mabigyang babala ang lahat sa nangyari sa kanilang lugar. Mula noon ay mas naging maingat na ang magulang sa kanilang mga anak. Maging ang kanilang lokal na pamahalaan ay pinaigting ang seguridad sa bawat mamamayan. Naniniwala silang hindi na mauulit ang ganoong pangyayari basta't laging handa. | | | |

<table>
<tr>
<td>☐ Paglalapat at Pag-uugnay</td>
<td>1. Sino ang mga tauhan sa kuwento?<br>2. Anong narinig nilang lumilikha ng ingay sa bubong?<br>3. Gaano katotoong mayroong ganoong uri ng nilalang? Patunayan.<br>4. Sa iyong palagay, tama ba ang ginawa ng mag-asawa na umuwi at maghanda?<br>5. Kung kayo ang nasa kuwento, ano ang gagawin ninyo?</td>
<td>1. Sino ang mga tauhan sa kuwentong binasa?<br>2. Anong suliranin ang namayani sa kuwento?<br>3. Paano sinolosyunan ang nasabing suliranin?<br>4. Tama ba ang ginawa ng lokal na pamahalaan nila na makipag-ugnayan sa kapulisan at sa media?<br>5. Kung ikaw ang tauhan sa kuwento, anong gagawin mo?<br>6. Anong angkop na pamagat ng kuwento?</td>
<td>Hatiin ang klase sa dalawang pangkat<br><br>ISKIT MO! SHOW MO!:<br>Bawat pangkat ay bubuo ng iskit na sumasalamin sa paniniwala ng mga Pilipino batay sa sumusunod na mga sitwasyon:<br>Unang Pangkat: Namatayan ka ng mahal sa buhay.<br>Ikalawang Pangkat: Lumipat ang inyong pamilya sa bago ninyong bahay.<br><br>Pamantayan sa Pagmamarka ng Iskit
<table>
<tr><th></th><th>NAPAKAHUSAY 10</th><th>MAHUSAY 8</th><th>KATAMTAMAN 5</th></tr>
<tr><td>Teamwork/ Partisipasyon</td><td>Kasama ang lahat ng mga kasapi ng pangkat sa pagsasadula.</td><td>May ilang kasapi ng pangkat ang hindi kasama sa pagsasadula.</td><td>Maraming kasapi ng pangkat ang hindi kasama sa pagsasadula.</td></tr>
<tr><td>Angkop na Diksiyon sa pagpapahayag</td><td>Nakagamit ng angkop na diksiyon sa pagpapahayag.</td><td>Hindi gaaanong angkop ang diksiyon sa pagpapahayag.</td><td>Hindi nakagamit ng angkop na diksiyon sa pagpapahayag.</td></tr>
<tr><td>Pagkakatugma sa Tema</td><td>Kaugnay sa tema ang sitwasyong naipakita.</td><td>Hindi gaanong kaugnay sa tema ang sitwasyong naipakita.</td><td>Hindi kaugnay sa tema ang sitwasyong naipakita.</td></tr>
</table>
</td>
<td>1. Anong katangian ng mga Pilipino ang nabanggit sa tula?<br>2. Mula sa tula, paano ipinamamalas ang katangiang ito ng mga Pilipino?<br>3. Dapat nga bang ipagmalaki ang pagiging Pilipino? Patunayan.<br>4. Bilang isang mag-aaral, paano mo ipinakikita ang magagandang katangian bilang isang Pilipino?<br>5. Gaano kahalaga na maging sentro ng ating buhay ang ating Panginoong Diyos?</td>
<td>Panuto: Tukuyin kung anong uri ng pang-abay ang may salungguhit sa bawat pangungusap. Piliin mula sa:<br>[Pang-agam, Panang-ayon, Pananggi, Panunuran, Pamitagan, Panuring]<br>1. Siguro'y hindi na siya darating.<br>2. Opo, ibinigay ko na po ang bayad.<br>3. Maraming salamat sa iyong tulong.<br>4. Hindi siya pumayag sa alok.<br>5. Kahuli-hulihang dumating si Carlo sa silid.</td>
</tr>
<tr>
<td>D. Paglalahat<br><br>☐ Pagninilay sa Pagkatuto</td>
<td colspan="3">Basahing mula ang tulang pinamagatang Pilipino Ako ni Dr. Andilaine R. Tajanlangit. Bumuo ng tekstong naratibo na may layong naglalahad o nagsasalaysay na binubuo ng sampu hanggang dalawampung pangungusap na ginagamitan ng mga pang-abay na panang-ayon.</td>
<td colspan="3">Ipabasa muli ang kuwentong kababalaghang pinamagatang Ingay sa Bubong at ang kuwentong kababalaghang binigyan ng pamagat ng mga mag-aaral. Ihambing ang dalawang kuwento gamit ang Venn Diagram, isulat ang pagkakatulad at pagkakaiba ng dalawang kuwento.</td>
</tr>
</table>

<table>
<tr>
<td>☐ Pagninilay sa Pagkatuto</td>
<td colspan="2"></td>
<td colspan="3">
</td>
</tr>
<tr>
<td colspan="5">IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY</td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td colspan="5">A. Pagtataya</td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td>1. Pagsusulit Pabaong Pagkatuto</td>
<td>Magtala ng mga katangiang taglay ng isang kuwentong kababalaghan<br>
</td>
<td>Panuto: Ibigay ang konotasyon at denotasyong kahulugan ng sumusunod na mga salita.<br>1. bola<br>Denotasyon:<br>______________________________<br>_______________<br>Konotasyon:<br>______________________________<br>_______________<br>2. kawayan<br>Denotasyon:<br>______________________________<br>_______________<br>Konotasyon:<br>______________________________<br>_______________<br>3. Gintong kutsara</td>
<td>Ipaliwanag ang mensaheng nais iparating ng larawan.<br>

Larawan Mula sa: WordPress.com. https://dhayeseng100fall2011.wordpress.com/2011/12/11/standardized-testing-the-negative-impact-on-the-education-system/</td>
<td>Ihanay ang mga pang-abay na panang-ayon na ginamit sa tula.<br><table><tr><th colspan="2">Pang-abay na Panang-ayon</th></tr><tr><td></td><td></td></tr><tr><td></td><td></td></tr><tr><td></td><td></td></tr><tr><td></td><td></td></tr><tr><td></td><td></td></tr></table></td>
<td>Panuto: isulat sa patlang ang wastong sagot.<br>____1. Pagsasalaysay o pagkukuwento ng mga pangyayari sa isang tao o mga tauhan, nangyari sa isang lugar at panahon o sa isang tagpuan, nang may maayos na pagkakasunod-sunod mula simula hanggang katapusan.<br>A. impormatibo<br>B. naratibo<br>C. persweysib<br>____2. Bahagi ng pananalitang nagbibigay-turing sa pandiwa, pang-uri o kapwa nito.<br>A. pang-abay<br>B. panghalip<br>C. pangngalan</td>
</tr>
</table>

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | Denotasyon:<br>____________________________<br>______________<br>Konotasyon:<br>____________________________<br>______________<br>**4. Itim**<br>Denotasyon:<br>____________________________<br>______________<br>Konotasyon:<br>____________________________<br>______________<br>**5. Nagpantay ang paa**<br>Denotasyon:<br>____________________________<br>______________<br>Konotasyon:<br>____________________________<br>__________________ | | | ____3. Isang uri ng pang-abay na nagsasaad ng pagsang-ayon sa pandiwa, pang-uri, o sa kapwa pang-abay sa pangungusap.<br>A. pamanahon<br>B. pamaraan<br>C. panang-ayon<br>____4. Tumutukoy sa pormal at literal na kahulugan ng isang salita.<br>A. denotasyon<br>B. konotasyon<br>C. multimedia<br>____5. Tumutukoy sa mga dagdag na kahulugan o implikasyon ng isang salita.<br>A. denotasyon<br>B. konotasyon<br>C. multimedia<br><br>B. **Panuto:** Isulat ang **Denotasyon** kung ang kahulugan ng salita ay literal, at **Konotasyon** kung ito ay may dagdag na kahulugan.<br>1. Ang **bituin** ay makikita sa langit tuwing gabi.<br>2. Siya ay isang **bituin** sa larangan ng pag-arte. |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | | | | 3. Ang **ahas** ay isang hayop na gumagapang.<br>4. Tinawag siyang **ahas** dahil sa kanyang pagtataksil.<br>5. Ang **ginto** ay isang mamahaling metal. |
| **Homework (Opsyonal)** | | | | | |
| **B. Pagbuo ng Anotasyon** | Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi. | **Epektibong Pamamaraan** | **Problemang Naranasan at Iba pang Usapin** | | |
| | ***Estratehiya*** | | | | |
| | ***Kagamitan*** | | | | |
| | ***Pakikilahok ng mga Mag-aaral*** | | | | |
| **C. Pagninilay** | *Gabay sa Pagninilay:*<br>▪ *Prinsipyo sa pagtuturo*<br>*Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?*<br>*Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?*<br>▪ *Mag-aaral*<br>*Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?*<br>*Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?*<br>▪ *Pagtanaw sa Inaasahan*<br>*Ano ang aking nagawang kakaiba?*<br>*Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod?* | | | | |

**PREPARED BY:**